Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

16 Marso 2025 | Ika-2 Linggo ng Kuwaresma | Taon K

Ang Mabisang Pakikipag-usap sa Diyos

Ang Ikalawang Linggong ito ng Kuwaresma ay bahagyang naiiba sa ating paglalakbay na karaniwang tinatampukan ng pagtitika at kalungkutan. Bagama't nanlalambot at sugatan sa maraming paraan, tayo'y magtuon sa pagbabagong-anyo ni Kristo, upang makahango sa kanya ng inspirasyong magpatuloy sa paghahanap ng mga pagpapahalaga ng Kaharian at kaningningan ng banal na buhay.

Alalahanin nating si Hesus ay nagbagong-anyo habang siya'y nagdarasal. Nakikipag-usap siya sa Ama nang ilantad ang kaluwalhatian ng kanyang tunay na sarili. Nawa ang ating pagdiriwang ng Eukaristiya ay makapagdulot din ng katulad na bisa sa atin bilang mga indibiduwal at bilang pamayanan.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ay iyong tinawag upang mukha mo'y mamalas. Ang mukha mo ay marilag, nag-aangkin ng liwanag; ipakita mo't ihayag.

(Sal 27:8-9)

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
B **– Amen!**
P– Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat!
B **– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P–Mga Kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayong gumanap sa banal na misterio. *(Manahimik sandali.)*

P –Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!
B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P –Dumating na tagapag-anyaya-yang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami!
B **– Kristo, kaawaan mo kami!**

P –Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!
B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B **– Amen!**

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, iniutos mong pakinggan namin ang minamahal mong Anak na iyong kinalulugdan. Kami nawa'y makapakinabang sa iyong Salita upang sa pagdalisay nito sa aming kalooban kami ay lumigaya sa pagkakita sa iyong liwanag sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Gen 15:5-12.17-18***
Inuulit ng Panginoon kay Abram, na pinanghihinaan ng loob, 'di lamang ang Kanyang pangako ng malaking angkan, kundi pati ang pangako ng isang malawak at mabungang lupain para sa kanyang mga inapo.

L –Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na iyon, inilabas ng Diyos si Abram at sinabi sa kanya: "Masdan mo ang mga bituin! Mabibilang mo ba iyan? Ganyan karami

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

ang magiging anak mo at apo." Nanalig si Abram, at dahil dito'y kinalugdan siya ng Panginoon.

Sinabi pa ng Panginoon kay Abram, "Ako ang kumuha sa iyo sa Ur ng Caldea upang ibigay sa iyo ang lupaing ito." Itinanong naman ni Abram, "Panginoon, aking Diyos, paano ko malalamang ito'y magiging akin?" Sinabi sa kanya, "Dalhan mo ako ng isang baka, isang kambing, at isang tupa, bawat isa'y tatlong taon ang gulang. Magdala ka rin ng isang kalapati at isang batu-bato." Dinala nga ni Abram ang lahat ng iyon at biniyak ang bawat isa maliban sa mga ibon. Inihanay niyang magkakatapat ang pinaghating hayop. Bumaba ang mga buwitre upang kanin ito, ngunit itinaboy sila ni Abram. Nang kumikiling na ang araw, nakatulog nang mahimbing si Abram, at nagkaroon ng isang nakatatakot na pangitain.

Pagkalubog ng araw at laganap na ang dilim, biglang may lumitaw na palayok na umuusok, at maningas na sulo na dumaan sa pagitan ng pinatay na mga hayop. At nang araw na yaon, nakipagtipan ang Panginoon kay Abram, wika niya: "Nangangako ako na ibibigay sa lahi mo ang lupaing ito, mula sa hanggahan ng Egipto hanggang sa Ilog-Eufrates."

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 27***

B* –*Panginoo'y aking tanglaw, siya'y aking kaligtasan!

R. M. Velez



*** Tanglaw ko'y ang Poon, aking kaligtasan, kaya walang takot ako kaninuman; sa mga panganib kanyang iingatan, kaya naman ako'y walang agam-agam.** ***B.***

*** O Diyos, ako'y dinggin sa aking pagtawag, lingapin mo ako, sa aki'y mahabag. Ang paanyaya mo'y "Lumapit sa akin." Huwag kang magkukubli't kita'y hahanapin!** ***B.***

*** H'wag kang magagalit, huwag mong itatakwil akong katulong mo at iyong alipin; tagapagligtas ko, h'wag akong lisanin!** ***B.***

*** Ako'y nananalig na bago mamatay masasaksihan ko ang 'yong kabutihan na igagawad mo sa mga hinirang. Sa Panginoong Diyos tayo'y magtiwala! Ating patatagin ang paniniwala; tayo ay umasa sa kanyang kalinga!** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Fil 3:17–4:1***

Batid ni Pablong mahal na mahal siya ng mga taga-Filipos, kaya madamdamin ang panawagan niya sa kanila, na angkop din sa atin: mamuhay bilang mga mamamayan ng langit at huwag sumunod sa masamang halimbawa ng mga namumuhay bilang "mga kalaban ng krus ni Kristo."

***L* –**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Filipos

Mga kapatid: Magkaisa kayong tumulad sa halimbawang ipinakita ko sa inyo. Kami ang gawin ninyong huwaran. Masdan ninyo ang lahat ng sumusunod sa mga halimbawang ito. Tulad ng malimit kong sabihin sa inyo – at ngayo'y luhaang inuulit ko – marami ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Kristo. Kapahamakan ang kahihinatnan nila sapagkat ang dinidiyos nila ay ang hilig ng kanilang katawan. Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya at ang pinag-uukulan lang nila ng pansin ay ang mga bagay na panlupa.

Sa kabilang dako, ang langit ang tunay nating bayan. Mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Hesukristo, ang ating Tagapagligtas. Pagdating ng araw na yaon, babaguhin niya ang ating katawang-lupa at gagawing maluwalhati, tulad ng kanyang katawan, sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay.

Kaya nga, minamahal kong mga kapatid – aking kagalakan at karangalan na lagi kong kinasasabikang makita uli – magpakatatag kayo sa inyong pamumuhay na nakaugnay sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita

B* –*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Sa ulap na maliwanag, ito ang siyang pahayag, ang D'yos Ama na nangusap: "Ito ang mahal kong Anak, lugod kong dinggin ng lahat."
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita ***Lu 9:28-36***

Ang Pagbabagong-anyo ni Hesus samantalang siya'y nagdarasal at ang Tinig buhat sa ulap ay sanhi ng malaking galak at bukal ng lakas para kina Pedro, Santiago, at Juan. Nawa maging gayon din ang mga ito para sa atin sa paggunita sa gayong pangyayari sa buhay ni Hesus.

***P* –** Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Umakyat si Hesus sa bundok upang manalangin. Isinama niya sina Pedro, Juan at Santiago. Samantalang siya'y nananalangin, nagbago ang anyo ng kanyang mukha, nagningning ang kanyang kasuutan na naging puting-puti. Di kaginsaginsa'y lumitaw ang dalawang lalaki – sina Moises at Elias na napakitang may kaningningan – at nakipag-usap sa kanya. Pinag-usapan nila ang nalalapit na pagpanaw ni Hesus na magaganap sa Jerusalem.

Tulog na tulog si Pedro at ang kanyang mga kasama, ngunit sila'y biglang nagising at nakita nila si Hesus na nagniningning at ang dalawang lalaking nakatayo sa tabi niya. Nang papaalis na sa tabi ni Hesus ang mga lalaki, sinabi ni Pedro, "Guro, mabuti pa'y dumito na tayo. Gagawa po kami ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises, at isa kay Elias." Ang totoo'y hindi niya nalalaman ang kanyang

sinasabi.

Nagsasalita pa siya nang matakpan sila ng isang ulap, at sila'y natakot. At may isang tinig mula sa alapaap na nagsabi, "Ito ang aking Anak, ang aking Hinirang. Siya ang inyong pakinggan."

Nang tumigil ang tinig, nakita nilang nag-iisa na si Hesus. At hindi muna sinabi ng mga alagad kaninuman ang kanilang nakita.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Sa paggunita natin sa pagbabagong-anyo ni Hesus at sa pagpapanibagong-sigla ng ating pangakong makinig sa kanya, pakumbaba nating idulog ang ating mga kahilingan at manalangin:

B **–Anak ng Diyos, dinggin mo kami!**

* Para sa Simbahan, ang tahanan ng lahat ng sumasampalataya: Nawa'y liwanagan niya ang sangkatauhan sa pamamagitan ng kabanalan ng kanyang mga kasapi. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng ating mga pinuno: Nawa'y matagpuan nila sa Pagbabagong-anyo ni Hesus ang lakas na kailangan nila upang magpunyagi sa kanilang mabuting gawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga walang pagpapahalaga sa panalangin: Nawa'y maging pampalakas-loob sa kanila ang halimbawa ni Hesus upang mapitagan nilang maitaas ang kanilang isipan sa Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga nag-aasal bilang "mga kaaway ng krus ni Kristo": Nawa'y mapagtanto nila ang kanilang pagkakamali at sa halip ay tularan si Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Nawa'y buong-tapang nating labanan ang "kultura ng kamatayan" na nagbabanta sa ating bayan at itaguyod ang "kultura ng buhay at pag-ibig." Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng pamilyang hindi nagkakasundo: Nawa'y makatagpo sila ng lunas sa kanilang mga sugat sa pamamagitan ng kapatawaran, pagtuklas sa yamang panloob na taglay ng bawa't isa, sa kabila ng kanilang nagkakaibang pananaw. Manalangin tayo! ***B.***

P –Panginoong Hesus, sa Bundok ng Tabor ipinakita mo ang kaningningan ng iyong dakilang kabanalan at pinuspos mo ng kagalakan ang iyong mga disipulo. Ipamalas mo sa amin ang iyong sarili sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito at puspusin mo kami ng iyong kapayapaan upang tapat kaming makapaglingkod sa iyo sa lahat ng araw ng aming buhay.
B **–Amen!**

P– Manalangin kayo . . .
B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito ay magdulot nawa ng kapatawaran ng aming mga kasalanan at magpabanal sa aming buong katauhan para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

Prepasyo sa Kuwaresma I

P –Sumainyo ang Panginoon!
B **–At sumaiyo rin!**
P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
B **–Itinaas na namin sa Panginoon!**
P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
B **–Marapat na siya ay pasalamatan!**
P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Nang maipagtapat niya sa mga alagad na siya'y laang mamatay para sa lahat, sa kanila'y kanyang ipinamalas ang kanyang sariling puspos ng liwanag. Ang iyong mga Utos at mga Propeta ay pawang mga tagapagpatunay niya sa pagkakatalagang para sa kapwa'y magdusa upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **–Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

B **– Ama namin . . .**
P – Hinihiling namin . . .
B **– Sapagkat iyo ang kaharian**

at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ito ang Anak kong mahal, na aking kinalulugdan ng buo kong kalooban. Siya ay inyong pakinggan at sundin sa pangangaral.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa dakilang pagliliwanag sa bagong anyo ng iyong Anak ay tumatanaw ng utang na loob sa iyo sapagkat kahit ngayon pa man sa lupang ibabaw, pinapagsasalo mo na kami sa kariktan ng kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–** Sumainyo ang Panginoon.
***B*– At sumaiyo rin!**

***P*–** Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik sandali.)*
–Pawiin nawa ng Panginoon sa inyong mga puso ang kadiliman ng pagkakasala at panghihina ng kalooban.
***B*– Amen!**

***P*–** Sa pagsasaya ninyo sa Pagbabagong-anyo, puspusin nawa kayo ng Panginoon ng Kanyang ilaw sa lahat ng araw ng inyong buhay.
***B*– Amen!**

***P*–** Tibayan nawa ang inyong pananampalataya ng Kanyang pagmamahal upang magpunyagi kayo sa mabubuting gawa.
***B*– Amen!**

***P*–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B*– Amen!**

***P*–** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B*– Salamat sa Diyos!**

Langit Ang Tunay Nating Bayan

Kalakbay at Katoto

Isa sa mga palatandaan ng makamundong pag-iisip ay ang palaisipang ang mahalaga ay ang nakikita, ang nahihipo, ang nabibilang, at nasusukat. Ang katotohanan ay hindi tiyak, hindi maipapako sa iisang paka-unawa, at bagay na napapalitan, nababago, at nahuhubog. Ang layunin na katotohanan, ayon sa palaisipang ito, ay hindi makakamtan ninuman.

Isa ito sa pinakamahalagang dahilan kung bakit ang karamihan ng tao ay puno ng pagdududa, at ang pagtitiwala ay tila naglaho nang parang bula.

Bunga ng lahat ng ito ang paniniwalang ang buhay ay nakatuon lamang dito sa lupang ibabaw. Kung ang mahalaga ay dito at ngayon, ang impiyerno, ang purgatoryo, at ang langit ay hindi na masyadong pinag-uusapan.

Tutumbukin ko na agad ang gusto kong sabihin … May langit, kaibigan. May purgatoryo at may impiyerno. Ito ang turo ng Simbahan magmula pa noong una, sapagka't ito ang nilalaman ng Banal na Kasulatan.

Ito rin ang paalaala sa atin ng mga pagbasa natin ngayon. Una, si Abraham ay tinawag mula sa Ur upang humayo at maging pinuno ng isang malaking angkan. Pinangakuan siya ni Yahweh, na ang kanyang magiging supling ay higit na marami pa kaysa sa mga bituin sa langit. Larawan ito ng isang malinaw na turo ng Biblia – na ang buhay ay kahalintulad sa isang paglalakbay, at ang hantungan ng paglalakbay na ito ay hindi lamang Canaan o Israel. **Ang hantungan ng paglalakbay na ito ay walang ibang kundi ang pakikipagniig sa Diyos sa langit na tunay nating bayan!**

Binabanggit ni San Pablo sa liham niya sa mga taga Filipos ang kabaligtaran ng pangaral na ito – ang pagpapahalaga sa mga bagay na makamundo lamang: *"Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nila ikahiya at ang pinag-uukulan lang nila ng pansin ay ang mga bagay na panlupa."*

Ang pagpapahalaga lamang sa mga bagay na panlupa ay kawalan ng wastong pananaw – kawalan ng tinatawag nating perspektibo, ang wastong pagtingin at tamang pagturing sa lahat ng nakikita, nahihipo, nabibilang, at nasusukat.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Ang taong walang wastong perspektibo ay nabubulagan sa lahat ng ito at hindi na nakikita ang higit pa sa ngayon at sa rito.

Sa ebanghelyo isang pahimakas ng katotohanang may langit at may hantungang marangal ang buhay ng tao ang ipinaaalala sa atin. Nang umakyat si Jesus sa bundok upang manalangin, ayon kay San Lucas, nagbago ang kanyang anyo, nagmistulang bulak o niyebe ang kaputian at naging busilak ang kanyang katawan. Nakatikim si Pedro, Juan, at Santiago ng kung ano ang naghihintay sa kanila at sa atin lahat. **May langit kaibigan**. At ang wakas ng lahat ay ganap na kapayapaan, katarungan, at kaligayahan para sa naging tapat sa kanya, tulad ni Abraham, tulad ni Pablo at ang mga tagasunod ni Kristo na tumahak sa landas ng Panginoon.

Ang mga salaysay sa Biblia na binabasa natin sa Liturhiya ay salaysay na may kinalaman sa buhay nating lahat. Ang kwento tungkol sa pagtawag kay Abraham ay kwento rin ng patuloy na pananawagan ng Diyos sa kanyang bayang pinili. Ang suliranin at pagsubok na pinasan ng mga Israelita noong araw, ay katumbas ng atin ring mga pasanin noon, ngayon, at bukas.

Subali't para sa taong may wastong pagtingin at tamang pagturing – mga taong may sapat at tapat na perspektibo sa mga bagay-bagay, ang mga mata nila ay nakatuon, hindi lamang sa lupang ibabaw, kundi "sa langit na tunay nating bayan!"